DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.205

# Kasanayang Pampagkatuto at Akademik Performans ng mga Mag-aaral ng Filipino 11 sa Ikatlong Distrito ng Carmen, Bohol: Mungkahing Palatuntunang Panlunas

**JIECEL H. PONDAVILLA**
Department of Education, Katipunan National High School, Katipunan, Carmen, Bohol

***Corresponding Author: jiecelpondavilla@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: April 2, 2024
Revised: June 25, 2024
Accepted: August 2, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Kasanayang Pampagkatuto , Akademik Performans, Kompetensi, Mungkahing Palatuntunang Panlunas

Ang kasanayang pampagkatuto ay isang kasanayan o kakayahan sa pagsasagawa na kinakailangan sa pag-aaral ng isang tao. Ang kasanayang ito ay makakamit lamang kapag ang isang indibidwal ay nagpapakita ng kakayahang magsagawa sa isang partikular na gawain. Ang kasanayang pampagkatuto ay pagsukat kung gaano kahusay ang isang indibidwal na maisagawa ang kinakailangan malinang na kasanayan. Ayon sa pag-aaral ni Patrick (2021) na ang mga puwang sa pagkatuto ay tumataas sa paglipas ng panahon kung ang mga mag-aaral ay kulang sa pundasyon sa mga kasanayan para sa kanilang mga pag-unlad. Upang masuri ang mga kasanayang pampagkatuto at akademik performans na nalinang ng mga mag-aaral, nagsagawa ng pilot testing sa isinagawang talatanungan ng mananaliksik sa sampung (10) mag-aaral ng Grade 11 na hindi sakop ng pag-aaral. Pagkatapos ng pilot test analysis, isinagawa ang pag-aaral sa mga kalahok sa paraang pasulit sa una at ikalawang markahan. Ang sample na populasyon ay umabot sa dalawang daan dalawampu't apat (224) sa tatlong matataas na paaralan na sakop ng Ikatlong Distrito ng Carmen. Bago ang pananaliksik, ang mananaliksik ay humingi ng

© Jiecel H. Pondavilla (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pahintulot sa mga kalahok at ang datos ay gagamitin lamang sa pananaliksik. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang null hypothesis ay hindi tinanggap. Kaya naman, natuklasan na may makabuluhang pagkakaugnay sa kinalabasan ng akademik performans at mga marka ng mag-aaral sa una at ikalawang markahang pasulit. Natuklasan din na may makabuluhang antas ng baryans sa mga kasanayang pampagkatuto batay sa mga domeyn na pag-alala, pag-unawa, paggamit, pagsusuri, pag-eebalweyt, at paglikha.

## INTRODUKSYON

Ang edukasyon ay itinuturing na kailangan hindi lamang para sa pag-unlad ng isang indibidwal, kundi maging sa pag-unlad ng komunidad at bansa. Upang makapagdulot ng mga pagpapabuti sa lahat ng aspeto, at magamit ang mga makabagong pamamaraan at metodo, kailangan ng mga indibidwal na makabuo ng kamalayan at mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa edukasyon (Kapur, 2018). Ang pagtuturo ay lubhang kasiya-siya ngunit isang mapanghamong propesyon. Maituturing na isang napakalaking tagumpay ng isang guro ang makita ang kanyang naging mag-aaral na nagtagumpay at nagkaroon nang maayos na buhay. Subalit hindi maiiwasang may pagkakataon na may susubok sa katatagan ng isang guro. Isang malaking hamon ang kasalukuyang pandemya na dinaranas sa loob nang mahigit sa dalawang taong panuruan. Ang kasalukuyang pandemya ng COVID-19 ay nagdala ng pambihirang mga hamon at nakakaapekto sa edukasyon. Sa panahong ito, kailangang maging mas matapang at mas matatag ang mga guro sa pagharap sa kanila. Ang lakas ng loob at determinasyon ay kailangan para gumanap ng napakahalagang papel sa paghubog nang magandang kinabukasan ng kabataan.

Batay sa pagpapakahulugan nina Bushway, et.al (2018) na ang kompetensi ay ang kakayahang mag-aplay o gumamit ng isang hanay ng mga nauugnay na kaalaman, kasanayan, kakayahan, at intelektwal na pag-uugali na kinakailangan upang matagumpay na maisagawa ang mga gawain. Naipapaliwanag nito ang mga kasanayan at kaalaman na dapat matamo o makamit ng isang mag-aaral. Samakatuwid, ito ay nangangailangan ng angkop na intelektwal na pag-uugali at sapat na pagsasanay upang magawa ang isang tiyak na gawain. Sa kabilang banda, kinakailangan sa isang guro na magkaroon nang sapat na kakayahan at kasanayan sa pagtuturo upang maayos na maitaguyod ang mga kasanayang dapat malinang. Hindi ito madaling itaguyod kaya ito ay nangangailangan nang higit na pagpapaplano at tunay na pagpapahalaga.

Ayon naman kay Patrick (2021) na ang mga puwang sa pagkatuto ay tumataas sa paglipas ng panahon kung ang mga mag-aaral ay kulang sa pundasyon sa mga kasanayan para sa kanilang mga pag-unlad. Sa mga sistemang nakabatay sa kakayahan o *competency-based*, sa kabilang banda, ginawa ng mga mag-aaral ang lahat ng kanilang makakaya upang umunlad at

maisagawa ang mga kaukulang pagkatuto na kailangan nila para sa susunod na antas ng pag-aaral, na may madalas na *feedback* at suporta sa pagtuturo hanggang sa maipakita nila ang mga kasanayan at mailapat ang kaalaman.

Ang tagumpay sa pagbuo ng mga kasanayan sa pag-aaral ay nangangahulugan ng tagumpay ng guro sa kanilang tungkulin. Ang tagumpay na ito ay nauugnay sa akademikong pagganap ng isang mag-aaral sa isang partikular na antas o larangan.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay kwantitatibo at gumamit ng deskriptibong disenyo. Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan na hinango mula sa iba't ibang sanggunian at minodipika ang ilang bahagi. Ang talatanungan ay may markahang pagsusulit upang masuri ang kasanayang pampagkatuto sa Filipino 11, Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Bawat kasanayan sa unang at ikalawang markahan ay tinukoy at binigyan ng tig-aanim na tanong, na nahati sa dalawang set na may 50 aytem bawat isa.

Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, isinagawa ang pilot testing sa mga hindi kalahok na mag-aaral sa Baitang 11 upang tiyakin ang pagiging maaasahan at angkop ng mga item gamit ang Cronbach's Alpha sa SPSS Version 25. Nakakuha ng alpha scores na 0.971 para sa unang markahan at 0.921 para sa ikalawang markahan, na nangangahulugang tinanggap ang talatanungan.

Humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa School Division Superintendent, Schools District Supervisor, at mga punong-guro ng Ikatlong Distrito ng Carmen para sa aktwal na pangangalap ng datos. Isinagawa ang unang at ikalawang markahang pagsusulit sa mga mag-aaral ng Grade 11 sa tatlong matataas na paaralan sa distrito.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### Marka ng pagsusulit na nakuha ng mga mag-aaral sa Una at Ikalawang Markahang Pagsusulit

Ang pagpapakahulugan sa marka ng pagsusulit na nakuha ng dalawang daan dalawampu't apat (224) na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 sa Matataas na paaralan ng ikatlong Distrito ng Carmen. Sa unang markahan, ang pagsusulit ay binubuo ng limampung (50) aytem. Nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na isang daan animnapu't pito (167) o 74.6 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng kanilang marka. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na *frequency* na apatnapu't lima (45) o 20.10 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng kanilang marka. Ang labing-dalawang mag-aaral (12) ang nakakuha ng markang "napakababa" na dami o 5.40 na bahagdan. Nangangahulugan lamang na kadalasan sa mga

mag-aaral na dumaan sa pasulit ay nasa katamtamang mababa lamang ang nakuhang marka sa pasulit. Sa ikalawang markahan, ang pagsusulit ay binubuo ng limampung (50) aytem. Nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na isang daan walumpu't lima (185) o 82.60 batay sa pagpapakahulugan ng kanilang marka. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na *frequency* na tatlumpu (30) o 13.40 batay sa pagpapakahulugan ng kanilang marka at panghuli ay nakakuha ng markang "napakababa" ay siyam (9) na mag-aaral o 4.0 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng kanilang marka. Ito ay indikasyon na kadalasan sa mga mag-aaral ay nasa katamtamang mababa lamang ang kanilang marka na naku sa pasulit.

**Akademik Performans sa Unang Semestre**

Ang akademik performans ng mga mag-aaral sa Filipino 11 sa unang semestre ng taong panuruan 2022-2023. Ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral ang nakakuha ng *very satisfactory* ay siyamnapu't dalawa (92) o 41.1 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na nakakuha ng *outstanding* ay pitumpu't pito (77) o 34.4 na bahagdan. Pangatlo naman sa dami ng mag-aaral ang nakakuha ng *fairly satisfactory* ay apatnapu't siyam (49) na mag-aaral o 21.9 na bahagdan. Ang anim (6) na mag-aaral ang nakakuha ng *satisfactory* o 12.7 na bahagdan ng kanilang akademik performans sa unang semester.

Sa unang markahan na ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na frequency na isang daan limampu't lima (155) o 69.20 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na nakakuha ng *frequency* na limampu't isa (51) o 22.80 na bahagdan. Ang labing-walo (18) na mag-aaral ay nakakuha ng markang "napakababa" na *frequency* o 8.0 na bahagdan ang nakuha. Para sa ikalawang markahan, nakakuha ng pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na nakakuha ng frequency na isang daan labing-siyam (119) o 53.10 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na nakakuha ng markang "katamtamang mababa" na *frequency* na siyannapu't siyam (99) o 44.20 na bahagdan. Panghuli sa dami ng mag-aaral na nakakuha ng markang "napakababa" ay anim (6) o 2.70 na bahagdan. Sa kabuuan, makikita ang pagbabago ng *frequency* sa bawat antas mula sa unang markahan hanggang sa ikalawang markahan. Nangangahulugan lamang na nagkakaroon ng positibong pagbabago ang bawat antas na kinabibilangan ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga marka.

**Antas na Nakamit ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pampagkatuto sa Dalawang Markahan sa domeyn na Pag-alala**

Ang antas na nakamit ng mga mag-aaral sa pag-unawa. Sa unang markahan, nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* ay isang daan at tatlo (103) o 46.0

na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas"" na *frequency* na siyamnapu't siyam (99) o 44.2 na bahagdan. Pangatlo ay dalawampu't isa (21) o 9.40 na bahagdan na mga mag-aaral ang nakakuha ng markang "napakababa". Pinakamababa na *frequency* ang nakuha ng markang "napakataas" na may 1 o .4 na bahagdan lamang. Para sa ikalawang markahan, nakakuha ng pinakamaraming mag-aaral ang markang "katamtamang mababa" na ang *frequency* ay isang daan animnapu't pito (167) o 74.60 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "napakababa" ay tatlumpu't tatlo (33) o 14.70 na bahagdan. Ang dalawampu't apas (24) o 10.70 na bahagdan ng mga mag-aaral ay nakakuha ng markang "katamtamang mataas. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng katamtamang mababa batay sa kanilang marking nakuha sa domeyn na pag-unawa.

Nagpapakita sa antas na nakamit ng mga mag-aaral sa pag-unawa. Naitala sa unang markahan na ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na may frequency na isang daan dalawampu't dalawa (122) o 54.5 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng marka. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na may *frequency* na walumpu't anim (86) o 38.4 na bahagdan batay sa pagpapakuluhagan ng marka. Ang labing-anim (16) o 7.10 na bahagdan ng mga mag-aaral ay nakakuha ng markang "napakababa". Sa ikalawang markahan, nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na isang daan animnapu't dalawa (162) o 72.30 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami na may markang "katamtamang mataas" may *frequency* na apatnapu't isa (41) o 18.30 na bahagdan. Panghuli ay nakakuha ng markang "napakababa" ang dalawampu't isa (21) o 9.40 na bahagdan na mag-aaral. Nangangahulugan na ang mga marka ng mga mag-aaral ay karamihan nasa antas ng "Katamtamang Mababa".

Nagpapakita sa antas na nakamit ng mga mag-aaral sa pag-aaplay. Naitala sa unang markahan na ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na frequency na isang daan tatlumpu't ani (136) o 60.70 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng marka. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na nakakuha ng *frequency* na limampu't anim (56) o 25.0 na bahagdan batay sa pagpapakahulugan ng marka. Ang tatlumpu't dalawang (12) mag-aaral ang nakakuha ng markang "napakababa" na *frequency* na tatlumpu't dalawa (32) o 14.30 na bahagdan. Sa ikalawang markahan, nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na isang daan tatlumpu't tatlo (133) o 59.40 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "napakababa" na *frequency* na animnapu't pito (67) o 29.90 na bahagdan. Ang dalawampu't apat (24) na mag-aaral o 10.70 na bahagdan ang nakakuha ng markang "katamtamang mataas". Nangangahulugan na ang mga marka ng mga mag-aaral ay karamihan nasa antas ng "Katamtamang Mababa".

**Antas na Nakamit ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pampagkatuto sa Una at Ikalawang Markahan sa domeyn na Pag-eebalweyt**

Sa unang markahan na ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na *frequency* na isang daan tatlumpu't siyam (139) o 62.10 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na walumpu't isa (81) o 36.20 na bahagdan. Panghuli ang apat (4) o 1.8 na bahagdan ng mga mag-aaral ay nakakuha ng markang "napakababa". Para sa ikalawang markahan, nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" na *frequency* na isang daan dalawampu't siyam (129) o 57.60 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na *frequency* na pitumpu't walo (78) o 34.80 na bahagdan. Pangatlo sa dami ng mag-aaral na may markang "napakababa" ay may *frequency* na siyam (9) o 4.0 na bahagdan. Ang walong mag-aaral (8) o 3.6 na bahagdan ay may markang "napakataas". Sa kabuuan, makikita ang pagbabago ng *frequency* sa bawat antas mula sa unang markahan hanggang sa ikalawang markahan. Nangangahulugan lamang na nagkakaroon ng pagbabago ang bawat antas na kinabibilangan ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga marka.

**Antas na Nakamit ng mga mag-aaral sa Kasanayang Pampagkatuto sa Una at Ikalawang Markahan sa domeyn na Paglikha**

Ang antas na nakamit ng mga mag-aaral sa paglikha. Sa unang markahan ang nangunguna sa pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" na frequency na isang daan dalawampu't anim (126) o 56.30 na bahagdan. Pumapangalawa naman sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" ang may *frequency* na pitumpu't anim (76) o 33.90 na bahagdan. Nakakuha naman ng dami ng mag-aaral ang markang "napakababa" na may frequency na labing-pito (17) o 7.6 na bahagdan. Panghuli, ang limang (5) mag-aaral ang nakakuha ng markang "napakataas" na dami o 2.2 na bahagdan. Para sa ikalawang markahan, nakakuha ng pinakamaraming mag-aaral na may markang "katamtamang mataas" ang may *frequency* na isang daan tatlumpu (130) o 58.0 na bahagdan. Pumapangalawa sa dami ng mag-aaral na may markang "katamtamang mababa" ang may *frequency* na animnapu't siyam (69) o 30.8 na bahagdan. Pangatlo sa dami ng mag-aaral na may markang "napakataas" ay may *frequency* na labing-siyam (19) o 8.5 na bahagdan. Ang anim (6) na mag-aaral ang nakakuha ng markang "napakababa" na dami o 2.70 na bahagdan lamang. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng katamtamang mataas batay sa kanilang markang nakuha sa domeyn na paglikha.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaugnay sa kinalabasan ng Akademik Performans at mga Marka ng mag-aaral sa Unang Markahan**

Nagpapakita ng makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa dalawang

baryabol. Ang datos ay isinailalim sa *SPSS computations*. Upang matanto kung may makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa pagitan ng kinalabasan ng akademik performans at mga mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11, ang nakalap na mga datos ay isinailalim sa *Kendall's tau_b Correlation Test* na makikita sa talahanayan. Ang nakuhang *P-value* (.002) kung saan ito ay mas mababa sa *alpha* (0.05) kaya ang walang bisang haypotesis ay tinanggihan. Ang resultang ito ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa pagitan ng kinalabasan ng akademik performans at mga marka ng mag-aaral sa unang markahan sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig na nauugnay ang resulta ng pagsusulit sa akademik performans ng mga mag-aaral dahil ang pagsusulit ay naglalaman ng mga tanong na ibinatay sa mga kasanayang pampagkatuto sa Filipino 11 kung kaya mayroong makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa akademik performans at mga marka ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaugnay sa kinalabasan ng Akademik Performans at mga Marka ng mag-aaral sa Ikalawang Markahan**

Ang makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa dalawang baryabol. Ang datos ay isinailalim sa *SPSS computations*. Upang matanto kung may makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa pagitan ng kinalabasan ng akademik performans at mga marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 sa ikalawang markahan, ang nakalap na mga datos ay isinailalim sa *Kendall's tau_b Correlation Test* na makikita sa talahanayan. Ang nakuhang *P-value* (0.046) kung saan ito ay mas mababa pa kaysa *alpha* (0.05) kaya ang walang bisang haypotesis ay tinanggihan. Ang resultang ito ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa kinalabasan ng akademik performans at mga marka ng mga mag-aaral sa ikalawang markahan sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig na ang resulta ng pagsusulit ay may kaugnayan sa akademik performans ng mga mag-aaral na maaaring may mataas o mababang kinalabasan. Ito'y nangangahulugang ang performans nila sa pagsusulit ay nakaapekto sa kanilang akademik performans sa naturang markahan.

**Pagsusuri ng Baryans sa mga Kasanayang Pampagkatuto batay sa Anim na Domeyn sa Unang Markahan**

Nagpapakita ng pagsusuri sa Baryans sa anim na domeyn batay sa resulta ng pagsusulit ng mga mag-aaral sa unang markahan sa Filipino 11 gamit ang Kruskal-Wallis H. Matutunghayan sa talahanayang ito ang resulta ng pagsusuri, *P-value* (.000) ay mababa kaysa *alpha* (0.05). Kaya naman, ang walang bisang haypotesis ay hindi tinanggap. Samakatuwid, may makabuluhang antas ng baryans batay sa anim na domeyn sa unang markahan. Matutunghayan din sa resulta na may mataas na antas ng baryans ang pagtataya (mean rank=866.31) at paglikha (mean rank=837.96) sa unang markahan.

**Pagsusuri ng Baryans sa mga Kasanayang Pampagkatuto batay sa Anim na Domeyn sa Ikalawang Markahan**

Nagpapakita ng pagsusuri sa Baryans sa anim na domeyn batay sa resulta ng pagsusulit ng mga mag-aaral sa ikalawang markahan sa Filipino 11 gamit ang Kruskal-Wallis H. Matutunghayan sa talahanayang ito ang resulta ng pagsusuri, *P-value* (.000) ay mababa kaysa *alpha* (0.05). Kaya naman, ang walang bisang haypotesis ay hindi tinanggap. Samakatuwid, may makabuluhang antas ng baryans batay sa anim na domeyn sa ikalawang markahan. Matutunghayan din sa resulta na may mataas na antas ng baryans ang paglikha (mean rank=968.67) at pag-alala (mean rank=853.59) sa ikalawang markahan.

## KONGKLUSYON

Matapos ang mailahad ang pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos sa pag-aaral na ito ay nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Ang pinakamababang bilang ng marka ng pagsusulit na nakuha ng mga mag-aaral sa Filipino 11 sa unang markahan at ikalawang markahan ay nasa antas na napakababa. Ibig sabihin, kaunti lamang ang mga mag-aaral na nakakuha ng napakababa na bilang ng marka sa pasulit sa dalawang markahan pagsusulit. Bilang kongklusyon, napagtanto na kinakailang pang pag-ibayuhin ng mga mag-aaral ang kanilang mga sarili upang makakuha ng mataas na antas sa pagsusulit.
2. Sa akademik performans ng mga mag-aaral sa unang semestre ng Filipino 11, ang pinakamababang bilang ay nakakuha ng *fairly satisfactory* sa akademik performans. Bilang kongklusyon, hindi masyadong kasiya-siya ang kanilang akademik performans sa unang semestre. Nangangahulugang kailangan mas malinang pa ang kanilang mga kakayahan upang makakuha ng mataas na akademik performans.
3. Ang pinakamababa na antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na pag-alala sa dalawang markahan na pagsusulit ay pawang napakababa. Ibig sabihin ay mababa ang kanilang marka na nakuha sa pagsusulit. Bilang kongklusyon, mahina ang kakayahan ng mga mag-aaral sa domeyn pag-alala. Nangangahulugan na kailangan pang mahasa ang kanilang kakayahan sa domeyn na pag-alala.
4. Ang pinakamababang antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na pag-unawa sa dalawang markahan ay pawang napakababa. Bilang kongklusyon sa resulta, ang mga mag-aaral ay mayroong kahinaan sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pasulit. Nangangahulugan na kailangan nilang pagtuonan nang pansin ang kakayahang makaunawa.
5. Ang pinakamababang antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na pag-aaplay sa dalawang markahan pagsusulit ay pawang napakababa. Nangangahulugan na ang bilang ng mag-aaral na pawang mababa ang antas na nakuha sa domeyn na pag-aaplay ay mababa

ang kanilang marka sa pasulit. Bilang kongklusyon, napagtanto na mahina ang mga mag-aaral sa domeyn na pag-aaplay.

6. Sa antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na pagsusuri sa dalawang markahan, pinakamababang bilang ng mga mag-aaral ay may markang napakababa sa unang markahan. Sa kabilang banda, sa ikalawang markahan ang pinakamababang bilang ay may markang katamtamang mataas. Ibig sabihin na sa unang markahan, ang bilang ng mga mag-aaral ay nakakuha ng mababang marka sa pasulit habang sa ikalawang markahan naman ay bumaba ang nakakuha ng katamtamang mataas na marka sa pasulit. Bilang kongklusyon, napagtanto na kailangan malinang ang kanilang kognitibong kakayahang na magsuri sa mga tanong na nasa isang pasulit.
7. Ang antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na pag-eebalweyt sa dalawang markahan, ay pawang napakababa. Ibig sabihin ay pawang mababa ang marka na kanilang nakuha sa domeyn na pag-eebalweyt sa dalawang markahan. Bilang kongklusyon, ang mga mag-aaral ay mahina sa domeyn na pag-eebalweyt. Nangangahulugan na kailangan sila ay mahasa sa mataas na antas ng pag-iisip na pag-eebalweyt.
8. Sa antas na nakamit ng mga mag-aaral sa domeyn na paglikha sa unang markahan, ang pinakamababang bilang na marka ay napakataas at sa ikalawang markahan ang pinakamababang bilang ng mag-aaral na may markang napakababa. Nangangahulugan lamang na iilan lang ang bilang ng mag-aaral ang nagkamit ng mataas na antas sa domeyn na paglikha sa unang markahan samantalang mas mababa ang bilang ng mga mag-aaral ang may napakababang marka sa ikalawang markahan. Bilang kongklusyon, ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa domeyn na paglikha at kailangan na pag-ibayuhin pa ang mataas na antas na ito.
9. May makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa kinalalabasan ng akademik performans at mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino 11 sa una at ikalawang markahan.
10. May makabuluhang antas ng baryans sa mga kasanayang pampagkatutuo batay sa anim na domeyn sa una at ikalawang markahan.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at sa kongklusyong nabuo sa pag-aaral na ito, nabuo ang sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Kinakailangang pagtuunan ng pansin ang mga gawaing nakahanda para sa mga kasanayang pampagkatuto lalong-lalo na sa written works na kasanayan upang maiangat pa ang antas na kinakailangan makamit ng mga mag-aaral sa asignatura at makuha ang mataas na

akademik performans.

2. Kailangan ang striktong pagpapatupad sa Pre-test upang masukat kung alin sa mga kasanayan pampagkatuto ang nangangailangan ng mas mabigat na atensyon.
3. Bilang guro, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga gawaing hahasa sa indibidwal na kasanayan ng bawat mag-aaral. Kailangan ang mga gawaing ito ay alinsunod sa layunin na *SMART o Specific, Measurable, Attainable, Relevant at Time-Bound.*
4. Isaalang-alang din ng guro ang estratehiyang gagamitin katulad ng *cooperative learning* at paggamit ng teknolohiya upang mahikayat ang mga mag-aaral na makikilahok hindi lamang sa pangkatang gawain kundi maging sa indibidwal na gawain para sa matagumpay na pagkamit sa mga kasanayang pampagkatutong nailatag sa bawat araw.
5. Nararapat na magsasagawa ang guro ng pinal na pagsusuri upang matanto kung nalinang ba ng mga mag-aaral ang mga kasanayang pampagkatuto.
6. Ipagpatuloy ang pagsagawa ng remedial classes/program ang paaralan upang matulungan ang mga mag-aaral na mababa ang nakuhang akademikong performans sa asignatura.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Bushway, D. J., Dodge, L., & Long, C. S. (2018). A Leader's Guide to Competency-Based Education: From Inception to Implementation: Vol. First edition. Stylus Publishing.

Kapur, R. (2018). Factors influencing the students academic performance in secondary schools in India. *University Of Delhi*.

Patrick, S. (2021). Transforming Learning through Competency-Based Education. *State Education Standard*, *21*(2), 23-29.